Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

06 Marso 2023

**Sa may kinauukulan:**

**8888 Ticket Reference No. G20230305-903-3**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na reklamo sa 8888 Citizens' Complaint Hotline noong 05 Marso 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan ng DENR noong 06 Marso 2023 para sa aming nararapat na aksyon.

Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong panawagan na mapaimbestigahan at mapahinto ang operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (Ipilan), operator ng Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (Celestial) sa mining project nito sa Brooke's Point, Palawan dahil wala itong permit at ito ay nasa loob ng watershed area.

Nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Ang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) No. 017-93-IV ng Celestial ay naaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas noong 18 Septyembre 1993 alinsunod sa Executive Order No. 279. Ang nasabing MPSA ay binago bilang MPSA No. 017-93-IV as Amended-2000 noong 10 Abril 2000 na may bisa hanggang 10 Abril 2025 upang umayon sa mga probisyon ng Republic Act No. 7942 o ang Philippine Mining Act of 1995; at

2. Ayon sa datos ng aming tanggapan, ang contract area ng nasabing MPSA ay hindi sakop ng anumang watershed area noong ito ay naaprubahan.

Makakaasa po kayong ang aming tanggapan, sa pakikipagugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at local na pamahalaan ng Brooke's Point, Palawan, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Ipilan. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa probinsya ng Palawan alinsunod sa mga kaugnay na batas at mahigpit na probisyon sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

**GLENN MARCELO C. NOBLE**
Regional Director

cf:

**8888 Citizens' Complaint Hotline**
Office of the President
**Ticket Reference No. G20230305-903-3**

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Palawan

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The CENRO**
Community Environment and Natural Resources Office
Brooke's Point, Palawan

030723-R04B-0607
Letter
3/7/2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
MIMAROPA Region